タガログ語版

# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

**Bilang 7**

Inilathala Hulyo 22, 2020

Isinagawa ang ika-7 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake. Ihahatid sa inyo ang nilalaman noon.

## ◇ Ukol sa Pagpapasya ng Awit ng

Gagawin ang awit ng paaralan upang makanta ng mga bata sa unang pagdiriwang ng pagtatapos pagkabukas ng paaralan (Marso 2022). Ukol sa mga titik ng awit ng paaralan, pinapaisip sa mga batang mag-aaral at mga guro ng dalawang paaralan, at matapos mapagpilian, mag-aatas sa tagasulat ng titik at himig ng awit upang magawa ang awit ng paaralan.

## ◇ Ukol sa mga Pinag-aaralan tungo sa Pagbubukas ng Futamuradai Elementary School

Sa mga pangalawang lupon ng pangkalahatang ugnayan, ng edukasyon, at ng PTA, pinag-aaralan ang iba't ibang bagay tungo sa pagbubukas ng paaralan. Napagpasyahan na ang ukol sa pangalan ng paaralan, simbolo ng paaralan at daanan sa pagpasok sa paaralan. Pinag-aaralan sa dalawang paaralan ang balak para sa mga kaganapan sa paaralan at iba pa. Isusulong mula ngayon ang paggawa ng awit ng paaralan.

## ◇ Ukol sa Nilalaman ng Konstruksyon ng Pag-aayos

Nagsimula ang konstruksyon ng Soho Elementary School na tatagal ng 2 taon, upang tumugma sa pagbubukas ng Futamuradai Elementary School sa Abril 2021. Babaguhin ang mga karaniwang silid-aralan at loob ng silid na ginagamit ng mga batang mag-aaral, at babaguhin din ang pasilidad ng silid-aralan ng agham at iba pang natatanging silid-aralan.

## ◇ Ukol sa Pagsubok ng Daanan sa Pagpasok ng mga Batang Mag-aaral ng Karatake Elementary School

Nagsagawa ng pagsubok ng daanan sa pagpasok sa paaralan sa Karatake Elementary School noong Hunyo 18, 2020. Maraming nagbantay na magulang/tagapag-alaga at mga tao sa pamayanan.



Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

**Para sa mga Katanungan　Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall　TEL 0562-92-8316**